# Samahang Mesyaniko, Sekularisasyon, Kilusang Propaganda-Reporma: Tipolohiya ng mga Pilipinong Dulog sa Kristiyanismo sa Ika-19 na Dantaon Kaugnay ng Kontekstong Kabanwahan ng Europa

**Mark Joseph P. SANTOS**
Departamento ng Filipino
De La Salle University
mark.joseph.santos@dlsu.edu.ph
https://orcid.org/0000-0003-0729-5895

**ABSTRAK**

Naging popular sa larangan ng Kristiyanong etika at teolohiya sa pamamagitan ng klasikong akda ni H. Richard Niebuhr na *Christ and Culture* (na humugot ng inspirasyon sa *Psychological Types* ni Carl Jung), ang pamamaraan ng "tipolohiya" ay isinasagawa upang magkaroon ng sistematisasyon ang kalat-kalat na ideya sa isang partikular na paksa, tungo sa paglalatag ng iba't ibang tipo o uri.

Layunin ng pag-aaral na ito na ilapat ang pamamaraang tipolohikal sa pagsusuri ng magkakaibang dulog/tugon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo noong ika-19 na dantaon. Ihahain ng sanaysay ang "indihenisasyon," "nasyonalisasyon," at "modernisasyon" bilang tatlong tipo ng mga Pilipinong dulog sa Kristiyanismo. Gagamiting kasong pag-aaral ang mga Samahang Mesyaniko, Sekularisasyon, at Kilusang Propaganda-Reporma sa paglalatag ng tatlong tipo: Samahang Mesyaniko bilang modelo ng tipo ng indihenisasyon, Sekularisasyon bilang modelo ng tipo ng nasyonalisasyon, at Kilusang Propaganda-Reporma bilang modelo ng tipo ng modernisasyon.

Tungo sa higit na pagpapalalim ng pag-unawa sa tatlong ito, sisiyasatin din ang kani-kanilang "kontekstong kabanwahan" sa anyo ng kaugnayan ng mga ito sa mga pangyayari sa Europa: 1. Mga pananaw at polisiya ng simbahang Katoliko sa Europa kaugnay ng mga popular na debosyon at mga katutubong anyo ng Kristiyanismo (para sa Samahang Mesyaniko), 2. Konseho ng Trent, at serye ng mga dekreto ng simbahan at monarkiyang Espanyol ukol sa sekularisasyon ng mga parokya sa kolonya (para sa Sekularisasyon), at 3. Ebolusyon ng epistemolohiya sa Europa partikular na ang kaugnayan nito sa pag-usbong ng anti-klerikalismo sa Europa (para sa Kilusang Propaganda-Reporma).

Santos, Mark Joseph P. "Samahang Mesyaniko, Sekularisasyon, Kilusang Propaganda-Reporma: Tipolohiya ng mga Pilipinong Dulog sa Kristiyanismo sa Ika-19 na Dantaon Kaugnay ng Kontekstong Kabanwahan ng Europa"
*TALA* 9:1 (June 2026), pp. 95-117.

Ang konteksto ng tatlong Pilipinong dulog na ito sa Kristiyanismo, kaugnay ng kapookang Europeo, ang maigigiit na isa sa mga humubog sa mundo ng ika-19 na dantaong Pilipinas, na isa sa pinakakritikal na yugto ng ating kasaysayang pambansa.

***Mga susing salita***: *indihenisasyon, kontekstong kabanwahan, Kristiyanismo, modernisasyon, nasyonalisasyon, tipolohiya*

## Pamamaraang Tipolohikal

Gamit ang pag-aaral nina Collier, Laporte, at Seawright (na mga tagapagsulong ng pamamaraang tipolohikal sa agham panlipunan), maaaring bigyang kahulugan ang "tipolohiya" bilang pagbuo ng organisadong sistema ng mga tipo.[1] Umusbong ito sa konteksto ng kwalitatibong tradisyon ng pananaliksik. Kadalasan itong ginagamit upang isalansan at suriin ang mga kalat-kalat na ideya tungo sa maayos na klasipikasyon o pag-uuri.

Isa sa mga unang nagpasikat ng ganitong pamamaraan ay si H. Richard Niebuhr, isang dalubhasa sa larangan ng Kristiyanong etika at teolohiya. Ang akda ni Niebuhr na *Christ and Culture*, na unang inilimbag noong 1951, ang isa sa pinaka-awtoritatibo sa larangan ng pag-aaral ukol sa ugnayan ng Kristiyanismo at kultura. Sa akdang ito, naglatag siya ng tipolohiya ng limang magkakaibang dulog ng mga Kristiyano sa kultura sa agos ng kasaysayan ng simbahan: 1. *Christ against Culture*, 2. *Christ of Culture*, 3. *Christ above Culture*, 4. *Christ and Culture in Paradox*, at 5. *Christ the Transformer of Culture*.[2]

Isa sa mga nakaimpluwensya kay Niebuhr sa paggamit ng pamamaraang tipolohikal ay ang aklat ng sikolohistang si Carl Jung na *Psychological Types*.[3] Unang lumitaw noong 1921, ang aklat na ito ang nagpakilala ng dalawang tipo ng personalidad ng tao na napakapamilyar na sa halos lahat ng tao: ang *extrovert* at *introvert*.

Isa pa sa mahusay na gumamit ng pamamaraang tipolohikal ay ang Amerikanong misyonero sa Pilipinas na si Stephen Bevans. Sa klasiko niyang akda na *Models of Contextual Theology*, inilatag niya ang tipolohiya o iba't ibang modelo ng pagpopook ng teolohiya/Kristiyanismo sa iba't ibang bansa:

---

[1] David Collier, Jody Laporte, Jason Seawright, "Typologies: Forming Concepts and Creating Categorical Variables," nasa *The Oxford Handbook of Political Methodology*, mga pat., Janet M. Box-Steffensmeier, Henry E. Brady, at David Collier (Oxford: Oxford University Press, 2008), 152, 166.

[2] H. Richard Niehbuhr, *Christ and Culture* (New York: HarperCollins Publishers, Inc., 2001).

[3] Carl G. Jung, *Psychological Types* (London: Routledge, 2017).

© 2026 Mark Joseph P. Santos

1. *Translation Model*, 2. *Anthropological Model*, 3. *Praxis Model*, 4. *Synthetic Model*, 5. *Transcendental Model*, at 6. *Countercultural Model*.[4]

Susubukan nating ilapat ang pamamaraang tipolohikal sa pag-aaral na ito, sa pamamagitan ng paglikha ng tipolohiya ng mga Pilipinong dulog sa Kristiyanismo sa ika-19 na dantaon. Nais kong igiit na makatutulong ang pag-uuri-uri ng mga dulog sa loob ng tatlong tipo: 1. indihenisasyon, 2. nasyonalisasyon, at 3. modernisasyon. Gagamitin natin ang Samahang Mesyaniko, Sekularisasyon, at Kilusang Propaganda-Reporma bilang mga kasong pag-aaral tungo sa tipolohiyang ito. Ang tatlong ito ang magiging kinatawan ng tatlong tipong nabanggit.

## Indihenisasyon, Nasyonalisasyon, Modernisasyon, at Kontekstong Kabanwahan

Sa pag-aaral ni Victor Roudometof, isinama niya ang indihenisasyon at nasyonalisasyon bilang dalawa sa apat na uri ng "glokalisasyon" (lokalisasyon sa harap ng globalisasyon) ng relihiyon sa iba't ibang komunidad (kasama ng bernakularisasyon at transnasyunalisasyon).[5] Bagaman iba ang konteksto ng pag-aaral ni Roudometof (relihiyon sa panahon ng globalisasyon) sa ating tuon (Kristiyanismo sa ika-19 na dantaon na Pilipinas), makatutulong pa rin ang ginawa niyang distinksyon sa pagitan ng indihenisasyon at nasyonalisasyon.

Para kay Roudometof, tumutukoy ang indihenisasyon sa pagpopook ng mga pangrelihiyong ritwal o ekspresyon sa loob ng partikularidad ng isang etnisidad. Mahalaga rito ang mga elemento ng kulturang "katutubo" bilang tagapaghubog sa pagpopook ng relihiyon. Inihalimbawa rito ni Roudometof ang pagpopook ng Kristiyanismo sa loob ng tradisyunal na mga relihiyon ng Aprika. Ang nasyonalisasyon ay anyo rin naman ng pagpopook, dangan nga lamang, ang tuon nito ay ang pagpopook ng relihiyon sa loob ng isang bansa/nasyon. Samakatuwid, kung katutubo ang pinaprayoridad ng indihenisasyon, ang binibigyang pribilehiyo naman sa nasyonalisasyon ay ang nasyon. Sa nasyonalisasyon, tinitingnan ang relihiyon bilang potensyal na instrumento tungo sa higit na pagkakaisa at pagbuo ng bansa. Ang ibinigay na halimbawa rito ni Roudometof ay ang simbahang Anglikano bilang pang-estadong relihiyon ng Inglatera.

[4] Stephen B. Bevans, *Models of Contextual Theology*, Revised and Expanded Edition (Manila: Logos Publications, Inc., 2003).
[5] Victor Roudometof, "Forms of Religious Glocalization: Orthodox Christianity in the Longue Durée," *Religions* Vol. 5 (2014): 1017-1036.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

Medyo malaki ang pagkakaiba ng modernisasyon sa dalawang nauna. Sa Pilipinas, isa sa mga pangunahing intelektuwal ng ika-20 dantaon na nagsulong ng modernisasyon ng relihiyon, partikular na ng Kristiyanismo, ay si Emerito Nacpil. Isa siyang obispo at tanyag na Protestanteng teologo ng United Methodist Church. Sa akda niyang "Mission and the Search for a New Man," inilarawan ni Nacpil ang modernisasyon bilang proseso ng transisyon ng relihiyon mula sa tradisyunal tungong moderno. Ang transisyong ito ay kinapapalooban ng mga sumusunod: diin sa pag-unlad ng teknolohiya, pagtatampok sa rasyonalismo sa halip na mga tradisyon, pagsabay sa mabilisang pagbabago, paglipat mula sa paghahari ng kalikasan tungo sa paghahari ng tao, sekularisasyon ng lipunan, at pangingibabaw ng agham sa halip na mito.[6]

Maaaring iugnay ang modernisasyon ng relihiyon sa ideya ng "*demythologization*" ng Alemang teologo na si Rudolf Bultmann. Para kay Bultmann, kailangang bigyang kahulugan ang relihiyon, partikular ang Biblia, gamit ang lente ng modernidad, kung saan huhubarin ang mga mito na nilalaman nito, at uunawain ito sa lente ng modernong agham o naturalismo (kung saan ang mundo ay isang "nakasaradong sistema" na kinapapalooban lamang ng mga likas na sanhi at bunga).[7] Sa gayon, sa kontekstong ito, nakapaloob sa modernisasyon ang proseso ng unti-unting pagbura sa supernatural na karakter ng relihiyon (tulad na lamang ng mga himala).

Nais igiit ng kasalukuyang pag-aaral na gamit ang tatlong tipo na ito ng indihenisasyon, nasyonalisasyon, at modernisasyon, higit na lilinaw at yayabong ang pag-unawa natin sa mga Pilipinong dulog, aktitud, o tugon sa Kristiyanismo noong ika-19 na dantaon. Sa partikular, gagamit tayo ng tatlong kilusan sa yugto ng ika-19 dantaon bilang kasong ehemplo ng tatlong dulog: Samahang Mesyaniko (para sa indihenisasyon), Kilusang Sekularisasyon (para sa nasyonalisasyon), at Kilusang Propaganda-Reporma (para sa modernisasyon). Makatuturan ang pagpiling ito dahil sa pagiging prominente at pamilyar nila sa atin, bilang tatlo sa mga kilusang nanguna sa pakikibaka laban sa mga Espanyol sa naturang yugto.

Kaugnay nito, mas mapapayabong pa nating higit ang ating pag-unawa sa tatlong dulog at tatlong kilusan kung ipopook natin ang mga ito sa "kontekstong kabanwahan" ng Europa. Ang konseptong ito ay nakasandig sa Araling Kabanwahan, isang larangan ng pag-aaral sa mga kapwa/kaugnay o ibang kabihasnan, at pagkakaugnay-ugnay ng mga ito, sa loob ng

[6] Emerito P. Nacpil, "Mission and the Search for a New Man," nasa *The Living God*, pat., Dow Kirkpatrick (Nashville: Abingdon, 1971), 132-156.

[7] David W. Congdon, *The Mission of Demythologizing: Rudolf Bultmann's Dialectical Theology* (Minneapolis: Fortress Press, 2015).

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

talastasang Pilipino.[8] Bilang isang konsepto sa loob ng Araling Kabanwahan, tumutukoy ang kontekstong kabanwahan sa:

> [P]aghahanap ng panlabas na ugnayan at konteksto ng mga panloob na mga kaganapan at tauhan sa kasaysayang Pilipino. Sa kontekstong kabanwahan, ang pinagtutuunan ng pansin ay hindi ang kaganapan o tauhang Pilipino sa sarili nito, bagkus ay ang mga pangyayaring panlabas na pumapaligid dito. Sa kontekstong kabanwahan, nagsisilbing lunsaran ang mga pangyayari at tauhang Pilipino para sa pananaliksik sa mga ugnayan ng loob sa kontekstong panlabas.[9]

Sa kaso ng kasalukuyang pag-aaral, uunawain natin ang tatlong dulog at tatlong kilusan kaugnay ng mga pangyayari at pag-unlad ng mga konsepto sa Europa bilang kontekstong kabanwahan. Mahalaga ito dahil hindi maitatangging malaki ang kaugnayan ng mga Pilipinong dulog sa Kristiyanismo sa ilang mga kaganapang pangkasaysayan at mga konseptong nagmula sa Europa. Lalo itong mahalaga dahil ang paksang pagtutuunan natin (Kristiyanismo) ay nagmula sa Europa, at ang yugtong kinapapalooban nito (ika-19 dantaon) ay saklaw ng panahon ng kolonyalismong Espanyol (na isang Europeong bansa). Bagaman madalas nating iginigiit na dapat unawain ang kasaysayang Pilipino gamit ang mga panloob na konteksto at kategorya, hindi ito nangangahulugan na hindi na dapat isaalang-alang ang kaugnayan ng mga ito sa mga kaganapang panlabas. Ipinapaalala lamang sa atin ng mga emikong akademikong proyekto gaya ng Araling Kabanwahan, na sa pag-aaral sa mga panlabas na kaganapang ito (at kaugnayan nila sa mga panloob na pangyayari), dapat itong isagawa sa wikang Filipino, gamit ang mga konseptong Pilipino, at para sa kapakanan ng mga Pilipino (nang hindi naman isinasakripisyo ang kapakanan ng mga kaugnay na bansa).[10] Dagdag pa, hindi lang naman natin pagtutuunan ang konteksto ng Europa *per se*, kundi iuugnay rin natin ito sa konteksto ng Pilipinas. Makatutulong ang ganitong pag-unawa sa kontekstong Europeo para sa higit na paglinaw ng pagtingin natin sa kontekstong Pilipino, yamang tumutukoy ang "kabanwahan" sa "ugnayan ng mga banwa." Sa ganang ito ay mapahahalagahan natin ang kontekstong kabanwahan bilang "kros-

[8] Atoy M. Navarro, "Ang Kahalagahan ng Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Globalisasyon at Pandaigdigang Paglakas ng Malayong Kanan," nasa *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong (Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021), 122.

[9] Mark Joseph Santos, "Ang Kontekstong Kabanwahan ng Paglalakbay ni Jose Rizal sa Saigon (1887 at 1891): Pagpopook sa Ugnayang Pilipino-Vietnamese," nasa *Jose Rizal sa Timog Silangang Asya: Mga Salaysay ukol sa Singapura, Saigon at Sandakan*, mga pat., Atoy M. Navarro at Emmanuel Jeric A. Albela (Manila: PUP Center for Philippine Studies & UP Manila Area Studies Program, 2025), 56.

[10] Zeus Salazar, et al, *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan* (Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2010).

© 2026 Mark Joseph P. Santos

kontekstuwal" (sa kaso ng ating pag-aaral, Europeo-Pilipinong kros-kontekstuwalidad).

Sa ganang ito, uunawain natin ang tatlong dulog at tatlong kilusan sa kontekstong kabanwahan ng mga pangyayari at pag-unlad ng mga ideya/konsepto sa Europa: 1. Klasikal na pananaw sa kultura ng simbahang pre-Vatican II (para sa indihenisasyon ng Samahang Mesyaniko), 2. Konseho ng Trent at Cortes sa Cadiz (para sa nasyonalisasyon ng Kilusang Sekularisasyon), at 3. Modernong epistemolohiya ng Kaliwanagan (para sa modernisasyon ng Kilusang Propaganda-Reporma).

Ngunit bago tumungo rito, kung mapapansin, naiiba ang Kilusang Propaganda-Reporma sa Samahang Mesyaniko at Kilusang Sekularisasyon, dahil itong una lamang ang hindi tuwirang relihiyosong pangkat sa tatlo. Sa kabila nito, piniling isama sa pag-aaral ang Kilusang Propaganda-Reporma dahil interesante ang naiibang dulog ng Kilusang Propaganda-Reporma sa Kristiyanismo, na naiiba sa lapit dito ng Kilusang Mesyaniko at Sekularisasyon. Bagaman may ibang posibleng kandidato na maisama sa pag-aaral na isang tuwirang kilusang relihiyoso, tulad halimbawa ng Kilusang Aglipayan o Iglesia Filipina Independiente, itong huli ay mayroon ding dulog na nasyonalisasyon, na kahawig lamang ng tipo ng Sekularisasyon. Maaari ring isama sa pag-aaral ang dulog sa Kristiyanismo ng iba pang tulad ng Kilusang Propaganda-Reporma na hindi tuwirang relihiyoso tulad ng Katipunan, ngunit ang tendensiya nito ay kahawig din ng indihenisasyon ng Kilusang Mesyaniko. Samakatuwid, mahalaga ang pagpili sa Kilusang Propaganda-Reporma para sa pagpapalitaw ng isa pang naiibang tipo ng dulog sa Kristiyanismo bukod sa indihenisasyon at nasyonalisasyon.

## Klasikal na Pananaw sa Kultura ng Simbahang Pre-Vatican II bilang Kontekstong Kabanwahan ng Indihenisasyon ng Samahang Mesyaniko

Ayon sa teologong si Jose de Mesa, may dalawang uri ng pananaw sa kultura ang Simbahang Katoliko sa Europa: klasikal na pananaw at empirikal na pananaw. Ang klasikal na pananaw ay Euro-sentriko. Paniniwala ito na ang tanging katanggap-tanggap lamang na kultura para sa mga Kristiyano ay kulturang Europeo. Giit ni de Mesa, walang batayang empirikal ang pananaw na ito at dulot lang ito ng rasismong kinagisnan ng simbahan. Taliwas dito, ang empirikal na pananaw ay tumutukoy sa pagtingin sa kultura na kinakarakterisa ng relatibismong kultural—na naggigiit na bawat kultura ay natatangi dahil sa magkakaibang konteksto kung saan sila isinilang, kaya naman walang kulturang superyor. Ang pananaw na ito ay nagsimulang umusbong bunga ng empirikal na pag-aaral ng mga eksperto

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

sa agham panlipunan, partikular na sa antropolohiya noong maagang yugto ng ika-20 dantaon.[11]

Mula sa panahon ng Ikalawang Konseho ng Vatican o Vatican II (1962-1965) lamang talaga nagsimulang magkaroon ng empirikal na pananaw sa kultura ang simbahang Romano Katoliko sa Europa. Nagsimulang masagap ng simbahan ang mga pag-aaral ng mga antropologo at iba pang dalubhasa sa agham panlipunan, na nakaimpluwensya sa simbahan upang makita nila ang pagiging katangi-tangi ng mga kulturang 'di-Europeo. Nagsimula nilang mapagtanto na dapat igalang ng simbahan ang mga kulturang 'di-Europeo, hindi lamang dahil sa hindi nakababababa ang mga ito, bagkus ay sapagkat *prerequisite* mismo ang kontekstuwalisasyon ng Ebanghelyo sa mga kulturang ito upang tunay na maipamuhay ang Kristiyanismo sa mga lupaing pinuntahan ng kanilang mga misyonero.

Ngunit dapat tandaan na ang panahon ng kolonyalismong Espanyol, partikular ang ika-19 dantaon ay nakapaloob pa sa pre-Vatican II na yugto ng simbahan. Samakatuwid, ang nangingibabaw pa noon sa Simbahang Romano Katoliko ay klasikal na pananaw sa kultura. Ipinagpapalagay nila na ang tanging katanggap-tanggap na anyo lamang ng kultura para sa simbahan ay ang kulturang Europeo, sapagkat ito ang sibilisadong uri ng pamumuhay na kumakatawan sa mga halagahing Kristiyano. Ang tingin nila sa mga 'di-Europeong kultura ay nagtataglay ng mga demonikong elemento, at samakatuwid ay hindi angkop sa pananampalatayang Katoliko. Dito mauunawaan kung bakit noong ika-19 dantaon, hindi mapagpaubaya ang simbahan sa mga katutubong anyo at ekspresyon ng Kristiyanismo na natatagpuan nila sa kolonya ng kani-kanilang bansa.

Kaya naman hindi nakapagtataka na sa pag-iral ng mga Samahang Mesyaniko sa Pilipinas noong ika-19 dantaon, sobrang kinamuhian ng mga prayleng Espanyol ang mga katutubong anyo at ekspresyon ng Kristiyanismo, at ginawa nila ang lahat ng magagawa nila upang masiil ang mga ito. Malinaw itong makikita sa karanasan ng Cofradia de San Jose.

Ang Cofradia de San Jose (tatawaging "Cofradia" mula ngayon sa ngalan ng kaiklian) ay isang uri ng *confraternity* o kapatiran. Ang *confraternity* ay samahan ng mga layko, na maaaring itinatag ng mga prayle, ng mga parokyang hawak ng mga paring sekular, o ng mga layko mismo. Sa kaso ng Cofradia, itinatag ito ng laykong si Apolinario dela Cruz o tinatawag ding Hermano Pule, noong 1832. Ang orihinal na layunin ng kapatiran na ito ay

[11] Jose M. de Mesa, *Why Theology is Never Far from Home* (Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003), 3-4.

paigtingin ang debosyon ng mga tao kay San Jose at Maria. Gayunman, naiiba ang Cofradia sa ibang kapatiran, dahil unti-unti nitong naisagawa ang indihenisasyon ng Kristiyanismo. Ang indihenisasyong ito ay nagdulot ng pagdududa sa panig ng mga prayle at sibil na awtoridad, at humantong sa labis na paniniil sa Cofradia.[12] Ang labis naman na paniniil na ito ang nagtulak sa Cofradia na magsagawa ng pag-aalsa laban sa mga Espanyol noong 1841.

Sa puntong ito ay tunghayan natin ang ilang indikasyon ng indihenisasyon ng Cofradia sa Kristiyanismo. Isa sa nangingibabaw na halagahin ng mga Pilipino ay ang mataas na pagpapahalaga sa pamilya. Kaya hindi nakapagtataka na laganap ito bilang metapora sa organisasyunal na kaayusan ng Cofradia bilang samahan. Tinatawag si Hermano Pule bilang "ama;" ang kanyang ina ay binabansagan sa samahan na "punong ina;" ang mga fundadores o 19 na orihinal na mga miyembrong tagapagtatag ng samahan ay tinatawag na "magulang;" ang mga simpleng kasapi naman ay tinatawag nilang "anak;" at ang tawag ng mga ito sa kapwa kasapi ay "kapatid." Ang kanilang debosyon ay kolektibo ring umiinog sa pamilya—sa Banal na Pamilya nina Jose, Maria at Hesus. Sa katunayan, ang pagkakaisa ng Banal na Pamilyang ito ang itinuturing nilang dapat na maging batayan ng pagkakaisa ng Cofradia.

Ang maituturing na akdang may pinakakomprehensibong pagtalakay sa indihenisasyon ng Confradia sa Kristiyanismo ay ang *Pasyon and Revolution* ni Reynaldo Ileto. Sa akda ni Ileto, nabanggit niya ang pamimigay ng anting-anting ni Pule sa kanyang mga tagasunod. Siyempre, labas sa opisyal na katuruan ng simbahan ang anting-anting, at mas nakaugat ito sa sinaunang relihiyon ng mga Pilipino (nakaugnay sa mga katutubong konsepto ng batik, kaluluwa, at ginhawa).[13] Sa paggamit ng anting-anting ay mas naisakatutubo ni Pule ang Kristiyanismo. Pinag-ugnay-ugnay niya rito ang Kristiyanong pagpapahalaga sa pagdarasal, at ang katutubong paniniwala sa hiwaga ng mga materyal na bagay na nakaugnay sa estado ng loob ng taong gumagamit nito.[14]

Isa ring tanda ng indihenisasyon ng Kristiyanismo ng Cofradia ang pag-unawa ng mga pinuno at miyembro nito sa pananampalataya gamit ang mga dalumat na malalim na umiiral sa lipunang Pilipino. Isa sa mga dalumat na

[12] Setsuho Ikehata, "Popular Catholicism in the Nineteenth-Century Philippines: The Case of the Cofradia de San Jose," nasa *Reading Southeast Asia*, Translation Series, Translation of Contemporary Japanese Scholarship on Southeast Asia (Ithaca, New York: Southeast Asia Program, Cornell University, 1990).

[13] Tingnan ang Roland Macawili, "Tungo sa Isang Pilosopiya ng Ginhawa," *Talas* Vol. 7 (2023), 99.

[14] Reynaldo Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979), 40.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ito ang "liwanag." Sa mga liham ni Pule ay napakamalaganap ang imahe ng liwanag at dilim. Para kay Pule, ang batayan ng liwanag ay pagkakaisa. May perpektong liwanag ang langit dahil sa perpektong pagkakaisa na umiiral doon. Samantala, ang mundo ay puno ng dilim dahil sa kakulangan ng pagkakaisa nito. Ang pagkakaisa ng langit ang dapat tularan ng Cofradia upang magkaroon din ito ng liwanag. Ang mga pinuno nito, lalo na si Pule, ay isa sa mga batis ng liwanag sa samahan.[15]

Malaganap din sa Cofradia ang dalumat ng loob. Halimbawa, ipinapaliwanag ni Pule na ang pag-alis ng ilang miyembro ng Cofradia dulot ng paniniil sa kanila ng mga awtoridad ay bunga ng mahinang estado ng loob ng mga ito. Pinayuhan niya ang kanang kamay na si Octavio na gawing dalisay ang loob upang hindi siya mabuwal sa pananampalataya, at upang maging instrumento siya sa katatagan ng iba pang kasamahan. Nakaugnay rin ito sa paliwanag ni Pule na sa langit, walang umiiral na anumang kapintasan at sakit ang pisikal o panlabas na pangangatawan ng lahat ng tao. Ito ay dahil dalisay ang estado ng loob ng lahat ng naroon. Ito rin ang dapat na hangarin ng mga miyembro ng Cofradia.[16]

Nariyan din ang paggamit ng Cofradia sa dalumat ng damay at lakaran. Sa mas lumang wikang Tagalog, ang damay ay hindi lamang tumutukoy sa pagkakaroon ng simpatya, kundi sa paglahok sa gawain ng ibang tao. Ipinaliliwanag ni Pule na ang pagpapakasakit nila at iba't ibang pangrelihiyong gawain ay akto ng pagdamay/paglahok sa pagpapakasakit ni Kristo. Sa bokabularyo ng Cofradia, tumutukoy naman ang lakaran sa mahabang paglalakad ng mga miyembro sa ibang lokalidad upang palaganapin doon ang kanilang pananampalataya at upang mahimok ang mga tao na sumapi sa Cofradia. Ang Cofradia ang maituturong isa sa nagpasimula ng tradisyong ito ng lakaran na hanggang sa kasalukuyan ay isinasagawa ng mga samahang mesyaniko, partikular sa Bundok Banahaw.[17]

Isa ring pagkakaiba ng Cofradia sa iba pang kapatiran ay ang pagbabawal nito na magpasali sa grupo ng sinumang mestizo at Espanyol. Ayon kay Ikehata, ang usaping panglahi na ito ay may kinalaman sa usaping pang-uri. Sa panahon ni Pule, isa sa pinakamayayamang elemento sa Tayabas ay ang mga Tsinong mestizo.[18] Ang pagbabawal na sumali sila sa samahan ay paraan ni Pule upang sirain ang tradisyunal na paniniwala na ang espirituwalidad ay nakabatay sa yaman (yamang mas kayang makakuha ng indulhensya—pagbibigay ng donasyon sa simbahan o pagbili ng mga pangrelihiyong

[15] Ileto, *Pasyon and Revolution*, 37.
[16] Ileto, *Pasyon and Revolution*, 38.
[17] Ileto, Pasyon and Revolution, 52, 56.
[18] Ikehata, "Popular Catholicism."

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

gamit—sa pamamagitan ng salapi). Paraan ito ni Pule upang igiit na ang Cofradia ay samahan ng mga mahihirap, na silang pinagpala, sapagkat katulad sila ng tagapagtatag ng Kristiyanismo sa pagiging maralita.

Makikita natin mula rito ang iba't ibang paraan kung paano isinakatutubo ng Samahang Mesyaniko, partikular ng Cofradia de San Jose ni Pule, ang Kristiyanismo. Hindi lang nila ginawang eksklusibo ang pamunuan at kasapian nito sa mga katutubo, bagkus ay binago rin nila ang mismong pag-unawa sa Kristiyanismo sa pamamagitan ng paggamit ng mga katutubong dalumat tulad ng liwanag, loob, damay, at lakaran. Nariyan din ang pag-unawa nila sa organisasyunal na kaayusan ng samahan gamit ang metapora ng pamilya (pagturing sa isa't isa na ama, ina, magulang, anak, at kapatid). Ang kanilang pagkakaisa ay nakabatay sa pagkakaisa ng isa ring pamilya—ang Banal na Pamilya nina Jose, Maria, at Hesus. Isang katutubong elemento rin na naipasok nila sa samahan ay ang paggamit ng mga anting-anting. Sa pamamagitan ng mga ito, nahubog nila ang Kristiyanismo alinsunod sa katutubong pananaw-pandaigdig. Bagaman galing ang Kristiyanismo sa Kanluran, nahubad nila ang Europeong damit nito at nabihisan ito ng tunay na katutubong pagkakakilanlan.

Isa sa mga salik na higit na nakatulak o nagbigay ng presyur sa Cofradia upang isakatutubo ang Kristiyanismo sa ganitong mga paraan ay ang pagsupil na ginawa sa kanila ng mga Espanyol—kapwa ng simbahan at mga pulitikal na awtoridad. Tulad ng nasaksihan natin sa pamamagitan ng pagtingin sa kontekstong kabanwahan, ang panunupil na ito ay naimpluwensiyahan ng klasikal na pananaw ng pre-Vatican II na simbahan sa kultura. Bagaman noong una ay wala namang planong humiwalay ang Cofradia sa tradisyunal na anyo ng simbahang Katoliko, mas naging malinaw sa kanila ang pangangailangan na maging natatangi at naiiba mula sa Kristiyanong Espanyol na nang-aapi sa kanila. Hindi ito nangangahulugan na reaksyunaryo lamang ang indihenisasyon ng Cofradia. Malinaw ang naging pagtatakda nila ng kanilang tadhana batay sa kanilang sariling kamalayan at pagpapasya. Ngunit mahalaga ring tingnan bilang isa sa mga salik ang kultural na paniniil ng mga Kristiyanong Espanyol, na naging dagdag na motibasyon sa kanilang pagsasakatutubo—na isang paraan ng paghiwalay sa tradisyunal na uri ng Kristiyanismong taglay ng mga nang-aapi sa kanila.

## Konseho ng Trent at Cortes sa Cadiz bilang Kontekstong Kabanwahan ng Nasyunalisasyon ng Kilusang Sekularisasyon

Sa bokabularyo ng simbahang Katoliko noong ika-19 dantaon, tumutukoy ang sekularisasyon sa pagpapasa ng kapamahalaan ng mga lokal na simbahan o parokya mula sa mga misyonerong prayleng Espanyol, patungo sa lokal na

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

mga paring sekular sa kanilang kolonya. Napakaraming dekreto ng Simbahang Romano Katoliko at monarkiyang Espanyol na nag-uutos ng sekularisasyon ng simbahan sa mga kolonya tulad ng Pilipinas. Ang pinakamaaga sa mga ito ay ang opisyal na polisiya ng Konseho ng Trent.

Binansagang "*Nineteenth Ecumenical Council of the Christian Church*," idinaos ang Konseho ng Trent mula 1545 hanggang 1563 bilang tugon sa mga hamon ng Repormasyong Protestante. Ito ang pinakakumakatawan sa tinatawag na "*Counter-Reformation*" noon sa Europa. Ilan sa mga resolusyong pinagkasunduan sa Konsehong ito ay ang mga sumusunod: pantay na awtoridad sa pagitan ng Biblia at tradisyon ng simbahan, Latin Vulgate ni Jerome bilang depinitibong saling-teksto ng Biblia, simbahan bilang tanging tagapagbigay-kahulugan ng Biblia, patuloy na pagdepensa sa indulhensya at purgatoryo, at pagbabawal pa rin na mag-asawa ang mga pari.[19]

Bukod sa mga ito, isa pang resolusyon ng Trent (partikular sa Sesyon 23, Kabanata 18) ay ang utos na paramihin ang mga itatayong seminaryo upang tumaas ang kalidad ng kaalaman ng mga paring sekular. Ayon kay V.U. Iheanacho, reaksyon ito ng Trent sa matalas na kritisismo ng mga Protestanteng tulad ni John Calvin sa mga paring sekular ng simbahang Katoliko na may mababang kalidad ng kaalaman sa teolohiya, sapagkat kulang ang preparasyon sa pag-aaral. Ang opisyal na polisiyang ito ng Trent ang magiging batayan kalaunan ng mga magsusulong sa Pilipinas ng pagtatayo ng mga seminaryo upang dumami ang mga katutubong paring sekular na may sapat na kakayahan.[20]

May dalawang uri ng pari - paring regular at paring sekular. Ang paring regular ay mga miyembro ng mga pangrelihiyong orden (hal. Augustino at Pransiskano) na tinatawag na "regular" dahil sa regulado ng mga batas/panuntunan ng kani-kanilang orden/komunidad ang pamumuhay nila. Ang mga paring sekular naman ay namamahala sa mga parokya at nakapailalim sa kapangyarihan ng obispo. Binabansagan silang "sekular" dahil namumuhay sila mismo sa "mundo" (na literal na kahulugan ng "sekular") bilang tagapaglingkod ng layko, sa halip na nakahiwalay sa mundo tulad ng mga orden. Ani John Schumacher, ayon sa polisiya ng Trent, mga paring sekular ang dapat humawak ng mga parokya. Kauna-unawa, na sa unang henerasyon ng pagmimisyon sa kolonya, mga paring regular muna ang hahawak ng mga parokya dahil wala pa gaanong lokal na paring sekular. Ngunit sa sumunod na mga henerasyon ay dapat nang magsanay ang mga

[19] Will Durant, *The Story of Civilization, Volume VI: The Reformation, A History of European Civilization from Wyclif to Calvin: 1300-1564* (New York: Simon and Schuster, 1957), 927-932.
[20] V.U. Iheanacho, "Care of Souls and the Logic of Trent as a Pastoral Council," *Acta Theologica* Vol. 39, No. 1 (2019): 94-109.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

paring regular ng mga lokal na paring sekular upang ihanda ang mga ito sa paghawak sa parokya.[21]

Ngunit hindi lamang ang simbahan, sa pamamagitan ng Konseho ng Trent, ang nagtatakda ng ganitong polisiya ng sekularisasyon. Sa pagtatala ni Salvador Escoto, noong 1752 at 1757, ipinag-utos ni Haring Ferdinand VI ng Espanya na isagawa ang unti-unting sekularisasyon ng mga parokya sa Pilipinas. Alinsunod sa dekretong ito, kailangang ilipat sa kamay ng paring sekular ang parokya kapag namatay ang humahawak ditong doktrinero o paring regular.[22]

Isa pa sa nag-atas tungo sa sekularisasyon ng mga simbahan ay ang Cortes sa Cadiz. Dulot ng digmaan at pagsakop ni Napoleon ng Pransya sa malaking bahagi ng peninsula, nagtipon ang mga pinunong pulitikong Espanyol sa dulong bahagi ng peninsula, sa Cadiz, at inilunsad ang pambansang parliyamento na Cortez. Idineklara nila ito bilang tunay na kinatawan ng Espanya habang bihag ng mga Pranses si Haring Charles IV at anak nitong si Ferdinand VII. Umiral mula 1810 hanggang 1814 ang Cortes sa Cadiz, at ito ang unang nagbigay ng representasyon sa lahat ng kolonya ng Espanya, kasama ang Pilipinas. Ito rin ang itinuturing na nagtanim ng binhi ng liberalismo sa Espanya.[23]

Noong Setyembre 13, 1813, isa sa mga batas na ipinasa ng Cortez ay ang sekularisasyon ng mga parokya sa lahat ng kolonya ng Espanya. Ang nagpakilala ng resolusyong ito ay si Don Jose Ventura Cabelle, ang Obispo ng Guyana, na nagsusulong ng sekularisasyon sa mga parokyang saklaw niya. Binatikos ni Cabelle ang pagtanggi ng mga paring regular na ipasa sa mga paring sekular ang mga parokya na nasa kanyang hurisdiksyon sa kabila ng napakarami nang dekreto na nag-uutos nito sa nakaraan. Gayunman, nang makabalik sa puwesto si Haring Ferdinand VII, hindi nito kinilala ang Konstitusyon ng Cadiz kaya nawalan din ng saysay ang resolusyon ni Cabelle ukol sa sekularisasyon.[24]

Ang samu't saring dekreto sa Europa ang nagbigay-daan upang isulong sa Pilipinas ang sekularisasyon ng mga parokya. Wala tayong panahon upang baybayin nang detalyado ang kasaysayang ito ng sekularisasyon, ngunit

[21] John N. Schumacher, "The Rise of Nationalism," nasa Milagros C. Guerrero at John N. Schumacher, *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 5, Reform and Revolution* (Philippines: Asia Publishing Company Limited, 1998), 7.

[22] Salvador P. Escoto, "The Ecclesiastical Controversy of 1767-1776: A Catalyst of Philippine Nationalism," *Journal of Asian History* Vol. 10. No. 2 (1976): 98.

[23] Maria Dolores Elizalde, "The Philippines at the Cortez de Cadiz," *Philippine Studies* Vol. 61, No. 3 (2013): 331-361.

[24] Luciano P.R. Santiago, "The Filipino Clergy and the Secularization Decree of 1813," *Philippine Studies* Vol. 36 (1988): 56.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

maaari tayong magbanggit ng ilang mahahalagang pangyayari para sa layunin ng ating pag-aaral.

Noong 1760s at 1770s, magkatuwang na isinulong ang sekularisasyon ng mga parokya ng Arsobispo ng Maynila na si Basilio Sancho de Santa Justa y Rufina at ng Gobernador Heneral na si Simon de Anda. Magkasama nilang kinalaban ang pamamayani sa Pilipinas ng mga prayle. Nagpatayo si Sancho ng mga seminaryo at nanguna sa pag-oordina ng mga lokal na paring sekular, habang ginawa namang opisyal na polisiya ni Anda ang sekularisasyon at isinulong ang karapatan ng mga obispo na magsagawa ng episkopal na pagbisita sa mga parokyang hawak ng mga paring regular.[25]

Nang makarating sa Pilipinas ang balita ukol sa dekreto ng Cortes ng Cadiz ukol sa sekularisasyon, inorganisa ng *vicar* ng Cavite na si Padre Domingo Sevilla Pilapil ang kaparian ng Cavite upang hilingin sa arsobispo ng Maynila na si Zulaibar na ipatupad ang dekreto ng Cortes. Gayunman, ipinahuli ni Arsobispo Zulaibar si Sevilla at mga kaparian ng Cavite at gumawa siya ng paraan upang harangin ang sekularisasyon ng mga parokya sa Pilipinas.[26]

Noong 1940s, ang pinakananguna naman sa pagtataguyod ng sekularisasyon ay si Pedro Pelaez ng Bacoor. Itinaguyod niya ang pagkuha ng mga mas matataas na akademikong digri ng mga katutubong paring sekular upang tumaas ang kalidad nila at mapantayan ang mga prayle. Nakuha niya rin ang simpatya ng noo'y Arsobispo ng Maynila na si Gregorio Meliton Martinez y Santa Cruz sa pagsusulong ng sekularisasyon. Gayunman, nawalan ng magaling na pinuno ang sekularisasyon nang biglang mamatay si Pelaez, dahil sa malakas na lindol noong 1863 na nagpaguho sa ilang bahagi ng katedral na bumagsak kay Pelaez.[27]

Ngunit sa mga nabanggit na pagsusulong na ito ng sekularisasyon, wala pa sa antas ng nasyonalisasyon ang tugon ng mga Pilipino sa Kristiyanismo. Hanggang sa panahon ni Pelaez, nananatiling sigalot pa lamang ang sekularisasyon sa pagitan ng mga paring regular at paring sekular (yamang may mga Espanyol din naman na paring sekular). Ayon kay Schumacher, ang magpapabago sa sigalot na ito ay si Padre Jose Burgos. Sa pamamagitan niya, nagbagong anyo ang sekularisasyon mula sa labanang regular-sekular, tungo sa tunggaliang panglahi ng mga Pilipino at Espanyol. Samakatuwid, kay

[25] Escoto, "The Ecclesiastical Controversy."
[26] Santiago, "The Filipino Clergy."
[27] Schumacher, "The Rise of Nationalism," 11-12.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Burgos magsisimula ang binhi ng sekularisasyon bilang anyo ng nasyonalisasyon ng Kristiyanismo.[28]

Matapos ang pagkamatay ni Pelaez, ang humalili sa kanya bilang pinuno ng sekularisasyon ay si Burgos. May akademikong kredensyal si Burgos na hindi matapatan kahit na ng mga prayle. Naging aktibo siya sa pagsusulat ng mga tugon laban sa mga prayle na nangmamaliit sa kakayahan ng mga paring sekular. Liban sa aktibo niyang pagsusulong ng sekularisasyon habang nabubuhay, sa pamamagitan ng kanyang pagkamatay bilang bahagi ng Gomburza noong 1872 ay higit na nagbagong-anyo ang sekularisasyon tungo sa isang nasyonalistang kilusan—na naglalayong isulong ang pagsasa-Filipino ng simbahan.

Ang maituturing na pinakarurok ng sekularisasyon ay ang pag-usbong ng Iglesia Filipina Independiente (IFI) noong 1902 sa pamumuno nina Gregorio Aglipay at Isabelo de los Reyes.[29] Maituturing ang IFI bilang pinakakatuparan ng deka-dekadang laban para sa sekularisasyon sa agos ng kasaysayang Pilipino. Bagaman malayo at lagpas sa kini-kinita at hangad ng Konseho ng Trent (na nangangalaga sa kapangyarihan ng mga imperyong Europeo), maigigiit na ang IFI ay isa sa katuparan o ganap na pamumukadkad ng binhi ng sekularisasyong sinimulang itanim noon ng Trent. Sa IFI, hindi na lamang espasyong Pilipino sa loob ng simbahang pinaghaharian ng mga prayleng Espanyol ang ipinaglalaban, sa halip ay naisulong na ang isang hiwalay na simbahan na mga Pilipino mismo ang namumuno.

Ang samu't saring dekreto sa Europa ang nagsilbing batayan para sa pagsusulong ng sekularisasyon sa Pilipinas. Sa mga pagsusulong ng sekularisasyon mula kina Sancho at Anda (1770s) hanggang kay Pelaez (1860s), hindi pa malinaw ang nasyonalisasyon ng kilusang sekularisasyon, dahil limitado pa ito sa sigalot sa pagitan ng mga paring sekular at regular. Ngunit sa pamamagitan ng pamumuno ni Burgos bilang lider ng kilusan, lalo na nang patayin siya bilang bahagi ng Gomburza noong 1872, nagsimulang lumitaw ang bersyon ng sekularisasyon bilang nasyonalisasyon ng Kristiyanismo—ang pag-agaw ng mga Pilipino sa pamunuan ng simbahang Katoliko sa Pilipinas. Ngunit ang kulminasyon at pinakakatuparan nito ay magaganap sa pag-usbong ng Iglesia Filipina Independiente bilang isang tunay na nagsasariling Pilipinong simbahan na pinamumunuan ng mga Pilipino mismo.

[28] Schumacher, "The Rise of Nationalism," 26.

[29] Isabelo de los Reyes, "The Iglesia Filipina Independiente," *Historical Magazine of the Protestant Episcopal Church* Vol. 17, No. 2 (1948): 132-137.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## Modernong Epistemolohiya ng Kaliwanagan bilang Kontekstong Kabanwahan ng Modernisasyon ng Kilusang Propaganda-Reporma

The primary source is a set of burial entries recorded in the parish register of Bilar. The entries correspond to individuals buried on 30 September 1900 in the cemetery of Batuan.

The records were transcribed by social studies students and translated with attention to orthographic fidelity and consistent rendering of key terms. The entries are highly formulaic, repeating specific phrases across individuals.

Sa Panahong Midyibal, ang pinakamakapangyarihang institusyon sa lipunang Europeo ay ang simbahan. Nakasalig ito sa umiiral noon na epistemolohiya, kung saan ang sentro ng katotohanan ay ang Biblia. Ang kakayahang magbigay-kahulugan ng Biblia ay anyo ng kapangyarihan, lalo pa't nagagamit ito sa regulasyon ng pamumuhay sa lipunan. Ang may hawak ng kapangyarihang ito ay ang kaparian, dahil sa dalawang bagay: 1. Sa katuruan na ang may awtoridad lamang na magbigay-kahulugan ng Biblia ay ang pamunuan ng simbahan, at 2. Nasa wikang Latin ang opisyal na teksto ng Biblia.

Binansagan ni Benedict Anderson na *truth language* o wika ng katotohanan ang Latin. Aniya, tumutukoy ang wika ng katotohanan sa wika na itinuturing ng isang lipunan na tanging daluyan o daan upang maapuhap/maakses ang katotohanan.[30] Sa kaso ng Panahong Midyibal, ang wika ng katotohanan ay ang Latin—ang wika ng opisyal na teksto ng Biblia—at ang may akses dito ay ang kaparian bilang mga edukadong elit. Kaya naman ang may hawak ng kapangyarihang epistemolohikal bilang tagapagbigay-kahulugan ng Biblia ay ang kaparian (tumutukoy ang epistemolohiya sa sangay ng pilosopiyang nag-aaral sa kalikasan ng ating pag-alam sa katotohanan). Gayon na lamang ang pag-iingat ng kaparian sa kapangyarihang epistemolohikal na ito na ipinapatay nila si William Tyndale noong 1536 nang pasimulan nitong isalin sa Ingles ang Biblia mula sa orihinal na Hebreo at Griyego (madedemokratisa kasi nito ang kapangyarihan ng interpretasyon).

Nang sumiklab ang Repormasyong Protestante, nagsimulang humina ang monopolyo ng kaparian sa Biblikal na interpretasyon. Isang sanhi nito ang pagsisikap nina Martin Luther, Calvin at iba pang pinuno ng Protestantismo tungo sa bernakularisasyon ng Biblia (hal. pagsasalin sa Aleman at Pranses).

---

[30] Benedict Anderson, *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism* (Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2003).

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Nagbigay-daan ito upang maakses ang Biblia ng mga pangkaraniwang taong hindi marunong magbasa ng Latin. Isa pang sanhi ay ang doktrina ni Luther ng "kaparian ng lahat ng mananampalataya," na nagsasaad na lahat ng mga Kristiyano ay pari—hindi nila kailangan ng sinumang tagapamagitan sa Diyos, at lahat sila ay may kakayahang magbigay-kahulugan ng Biblia.[31]

Naging hamon din sa kapangyarihan ng mga pari ay ang kaisipan ni Rene Descartes, na itinuturing na ama ng modernong pilosopiya. Naghahanap si Descartes ng pundasyon na magsisilbing kasiguraduhan ng lahat ng kaalaman. Nahanap niya ito sa rason o kaisipan ng tao (*cogito ergo sum*—nag-iisip ako, samakatuwid ay umiiral ako).[32] Sa pamamagitan nito, nademokratisa ang akses sa katotohanan: hindi na lang ito limitado sa mga paring nakakapagbigay kahulugan ng Biblia, kundi may ganito nang kakayahan ang lahat ng tao dahil lahat ng tao ay may rason.

Isa pa sa nagpahina ng kapangyarihan ng kaparian sa simbahan ay ang "Digmaan ng mga Relihiyon" noong ika-16 dantaon sa pagitan ng mga Protestante at Katoliko. Ayon kay Arnold Toynbee, dahil sa labis na disilusyon na dulot ng "digmaan ng mga relihiyon," nagsimulang lumaganap sa Europa ang sekularisasyon noong ikalabimpitong dantaon—ang unti-unting pagbura o pag-iisang tabi ng relihiyon sa lipunan. Unti-unting naagaw ng mga pilosopo at ng mga siyentista ang kapangyarihang panlipunan mula sa simbahan. Napalitan din ng agham ang teolohiya bilang sentro ng awtoridad.[33]

Ang lahat ng mga salik na ito (Repormasyong Protestante, Modernong Pilosopiya, Digmaan ng mga Relihiyon) ay naghawan ng landas sa unti-unting pagkalansag ng kapangyarihang epistemolohikal ng kaparian. Kasabay ng paghinang ito ng kanilang epistemolohikal na kapangyarihan ay ang pag-usbong ng anti-klerikalismo. Tumutukoy ito sa radikal na pagdududa sa awtoridad ng establisadong simbahan, kabilang ang kaparian nito (kasama ang epistemolohikal na awtoridad sa pag-apuhap sa katotohanan). Ngunit ayon kay S.J. Barnett, ang anti-klerikalismo na ito ay nakatuon lamang sa pag-atake sa awtoridad ng kaparian at ng establisadong simbahan, at hindi sa Diyos mismo, dahil marami sa mga pilosopo at iba pang

[31] Young Sung Kim, "'All Christians Are Priests': Martin Luther's Doctrine of the Priesthood of All Believers," *Word & Deed: A Journal of Salvation Army Theology & Ministry* Vol. 20, No. 2 (May 2018): 9-26.
[32] Roger Scruton, *A Short History of Modern Philosophy from Descartes to Wittgenstein*, Second Edition (USA: Routledge, 2002) 27-37.
[33] Arnold Toynbee, *An Historian's Approach to Religion* (London: Oxford University Press, 1956).

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

tagapagsulong ng anti-klerikalismo ay nanatili pa ring naniniwala sa pag-iral ng Diyos.[34]

Ang ganitong epistemolohikal na estado ng Europa (na hinubog ng mga nabanggit na salik), ang dinatnan ng mga Pilipinong estudyante na nagtungo sa Europa, na kalaunan ay babansagan na mga "ilustrado." Binansagan silang ilustrado (ibig sabihin ay "naliwanagan" yamang "liwanag" ang kahulugan ng salitang-ugat nitong *lustre*) dahil sa nasagap nilang mga impluwensya ng pilosopiya ng Kaliwanagan o *Enlightenment.* Maigigiit na ang ganitong epistemolohikal na estado ang siyang nakahubog sa dulog ng Kilusang Propaganda-Reporma sa Kristiyanismo (sa halip na "Kilusang Propaganda," gagamiting pantukoy sa pangkat na ito ang "Kilusang Propaganda-Reporma" bilang pagbibigay-diin sa layuning reporma ng mga propagandista). Ang kanilang dulog sa Kilusang Propaganda ay maaaring bansagan na "modernisasyon," yamang pilosopiyang moderno ang isinusulong ng Kaliwanagan.

Bahagi ng modernisasyong ito ang pagkuwestiyon sa labis na kapangyarihan ng kaparian, na kinatawan ng anti-klerikalismo ng mga Propagandista. Halimbawa, ayon sa "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History" ni Zeus Salazar, sa hanay ng mga Propagandista, ang may pinakahayag na anti-klerikalismo ay si Marcelo H. del Pilar. Makikita sa maraming sulatin ni del Pilar ang malinaw na mga bakas ng matalas na kritisismo sa mga prayle.[35] Mainam na sipiin dito ang ilan sa mismong mga pahayag ni del Pilar mula sa akdang *Frailocracia Filipina* (*Frailocracy in the Philippines*) batay sa pagsasalin ni Leonor Agrava:

> We can now clearly see that the degree of religious enlightenment in the Philippines is inversely proportional to the financial prosperity of the convents and that the poverty of the country is visibly in sharp contrast to the opulence of the friars in spite of their perpetual vow of poverty… In the History of the World, there is an unalterable law which declares all elements which have ceased to contribute to the progress of civilization as degenerate and obsolete. The friar in the Philippines now finds himself in this same unfortunate position.[36]

Bahagi rin ng modernisasyong ito ang "demitolohisasyon" ng Kristiyanismo, ang paghubad sa supernatural na kalikasan nito, partikular ang pagtanggi sa reyalidad ng mga himala (tulad ng nasaksihan nating tindig

[34] S.J. Barnett, *The Enlightenment and Religion: The Myths of Modernity* (Manchester, U.K.: Manchester University Press, 2003), 26.

[35] Zeus A. Salazar, "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History," nasa *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*, pat., Zeus A. Salazar (Cologne: Counseling Center for Filipinos, 1983).

[36] Marcelo H. del Pilar, *Frailocracy in the Philippines,* salin ni Leonor Agrava (Manila: National Historical Institute, 1996), 30, 34.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ni Bultmann). Halimbawa, sa pahayag sa ibaba ni Jose Rizal sa dati niyang guro na si Padre Sanchez (na sinipi mula sa *The First Filipino* ni Leon Ma. Guerrero), mapapansin ang patutsada ni Rizal sa konsepto ng himala nang himukin siya ni Padre Sanchez na magbigay ng kontribusyon para sa pista ni San Roque, ang santong patron ng Dapitan:

> But father, how can you ask me to contribute to the support of a competitor? The day of St. Roch performs all the cures, I, as a physician, would be out of a job![37]

Tulad ng nabanggit mula sa paglalarawan ni Emerito Nacpil sa modernisasyon, isa sa marka ng modernisasyon ang pamamayani ng rason (sa tradisyon ni Descartes). Mababakas ang ganitong pamamayani ng rason sa liham ni Rizal sa inang si Teodora Alonso noong 1885 (pansinin din dito ang katotohanan ng punto ni S.J. Barnett na nananatili pa ring naniniwala sa Diyos ang mga naimpluwensiyahan ng anti-klerikalismo):

> I think I would be recreant to my duty as a rational being if I were to prostitute my reason and admit what is absurd. I do not believe that God would punish me if I were to try to approach Him using reason and understanding, His own most precious gifts; I believe that to do Him homage, I can do no better than to present myself before Him making use of His best gifts, just as in appearing before my parents I should wear the best clothes they have given me. If someday I were to get a little of that divine spark called science, I would not hesitate to use it for God . . .[38]

Sa pakikipagsulatan kay Padre Pablo Pastells noong Nobyembre 11, 1892, binatikos ni Rizal ang pagmonopolyo ng simbahan, partikular ng kaparian, sa interpretasyon sa Biblia. Upang igiit ang kanyang punto, ginamit niya ang metapora ng pagguhit, kung saan may isang istatwa na iginuguhit ng iba't ibang pintor. Magkakaiba ang pagguhit ng mga pintor na ito sa iisang istatwa dahil magkakaiba sila ng nakikitang anggulo dulot ng magkakaiba nilang lokasyon (iba rin ang iginuguhit ng mga taong kinokopya lamang ang orihinal na guhit ng iba). Paraan ito ni Rizal upang batikusin ang paniniwala ng simbahan sa absolutong obhetibidad ng kanilang interpretasyon sa Biblia.[39]

Mula sa mga naunang talakayan, mapapansin ang dulog ng modernisasyon sa pagtugon ng Kilusang Propaganda-Reporma sa Kristiyanismo. Nariyan ang anti-klerikalismo ng Kilusang Propaganda, na maiuugat sa sekularisasyong idinulot ng Digmaan ng mga Relihiyon noong ika-16 dantaon. Nariyan din ang bakas ng naturalistikong pananaw-pandaigdig sa mga Propagandistang tumatanggi sa realidad ng mga himala (na sintomas

---

[37] Leon Ma. Guerrero, *The First Filipino: A Biography of Jose Rizal* (Manila: National Historical Commission, 1974), 374.
[38] Guerrero, *The First Filipino*, 118.
[39] Guerrero, *The First Filipino*, 444-445. Mapapansin ang pagkakahawig ng ilustrasyong ito ni Rizal sa kuwento ng Animna Elepante at Isang Bulag ng mga Hindu.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

ng pilosopiya ng Kaliwanagan). Makikita rin sa kanila ang kritika sa kapangyarihang epistemolohikal ng kaparian bilang tagapagbigay-kahulugan ng Biblia. Ang ganitong tendensya ng Kilusang Propaganda-Reporma ay malamang na nahubog ng kalagayang epistemolohikal sa Europa, na kinapapalooban ng tradisyon ng Repormasyong Protestante at modernong pilosopiya sa pangunguna ni Descartes.

## Pagtatapos

Mainam na linawing ang ginawa nating paggamit ng pamamaraang tipolohikal ay hindi pagtanggi sa reyalidad na may mga pagkakataong nagkakasala-salabid ang ilang tendensya ng tatlong grupong tinalakay. Bagaman kinakatawan ng Kilusang Mesyaniko ang indihenisasyon, may ilang bakas din nito sa Sekularisasyon. Halimbawa, isa sa mga ikinairita ng dating Arsobispo ng Maynila na si Meliton Martinez ay ang paggigiit ni Burgos na maaaring gumamit ng mga katutubong sangkap sa Eukaristiya, tulad ng bigas bilang pamalit sa harina para sa katawan ni Kristo.[40] Gayundin, minsan ay may elemento ng nasyonalisasyon na matutunghayan sa ilang tagapagsulong ng Kilusang Propaganda-Reporma. Sa katunayan, ang isa sa tagapagtatag ng Iglesia Filipina Independiente, na karurukang katuparan ng hangad na nasyonalisasyon ng simbahan para sa Sekularisasyon, ay si Isabelo de los Reyes na isang propagandista. Hindi naman nakapagtataka ang ganitong suporta yamang ang sekularisasyon ng simbahan ay isa sa mga prayoridad na adyenda ng La Solidaridad. Ibig sabihin lamang ng mga ito ay hindi ganoong kakinis ang hangganan ng mga tipo, at hindi absoluto ang kanilang eksklusibilidad. Sa kabila nito, ipinagpatuloy ang paggamit ng ganitong iskema ng mga tipo para sa sistematisasyon ng mga ideya, gayong may matitingkad pa ring katangiang nagpapaiba sa tatlong kilusan batay sa mga tipo.

Bilang pagsasara sa talakayan, mainam na mag-iwan ng ilang panimulang maikling tala ng pagkukumpara sa tatlong dulog. Maaaring gawin ang preliminaryong pagkukumparang ito gamit ang dalawang kategorya: 1. Usapin ng pag-iral sa loob o labas ng Simbahang Katoliko, at 2. Usapin ng Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan.

Sa usapin ng pagpapabago sa Kristiyanismo, nakatutok sa labas ang Kilusang Sekularisasyon habang nakatuon naman sa loob ang Samahang Mesyaniko. Ang nais lamang ng Sekularisasyon ay palitan ang pamunuan (anyo) ng simbahan, gawing hawak ng mga Pilipino ang mga parokya,

[40] Nick Joaquin, *A Question of Heroes: Essays in Criticism on Ten Key Figures of Philippine History* (Makati: Ayala Museum, 1977), 17.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

habang ang Samahang Mesyaniko ay naglalayong baguhin ang ilan mismo sa katuruan nito (nilalaman), hubugin ito alinsunod sa katutubong pananaw-pandaigdig. Pareho ang indihenisasyon (Samahang Mesyaniko) at modernisasyon (Kilusang Propaganda-Reporma) na nagnanais umiral sa labas ng organisadong simbahan. Ang Samahang Mesyaniko ay humihiwalay sa simbahan alinsunod sa katutubong kalinangang nilalaman nila, habang ang Kilusang Propaganda ay kritikal sa hirarkiya ng simbahan batay sa anti-klerikalismong nahugot nila mula sa Kaliwanagan. Samantala, tanging ang Sekularisasyon ang nagnanais na patuloy na umiral sa loob ng establisadong simbahang Romano Katoliko.

Sa lente ng Dambuhalang Pagkakahating Pangkalinangan ng historyador na si Zeus Salazar, ang nasyonalisasyon ng Kilusang Sekularisasyon at modernisasyon ng Kilusang Propaganda-Reporma ay nakapaloob sa interes ng *nacion*, habang ang indihenisasyon ng Samahang Mesyaniko ay nakapaloob sa interes ng bayan. Tumutukoy ang *nacion* sa populasyong Pilipino na napasa-Kanluran ang wika, diwa, at kalinangan. Madalas na mula sila sa sektor ng mga gitnang uri at mataas na uri ng lipunan na edukado. Samantala, ang bayan ay tumutukoy sa nakararaming populasyong Pilipino na nananatiling taal sa kalinangang bayan ang wika at diwa. Madalas na mula sila sa marhinalisadong sektor at hindi nabibigyan ng pagkaka taon na magkaroon ng akses sa sistemang pang-edukasyon.[41]

Nasa interes ng *nacion* ang nasyonalisasyon ng simbahan, lalo pa dahil ang mga nagsusulong nito ay mga akulturadong pari na dumaan sa sistemang pang-edukasyong Espanyol, at samakatuwid ay natuto ng pananampalataya sa pamamagitan ng lengguwahe-at-kulturang Espanyol. Sa katunayan, marami sa kanila ay mga kriolyo/insulares (Espanyol na ipinanganak sa Pilipinas) o mestiso (may dugong Espanyol at katutubo). Nasa interes din ng *nacion* ang modernisasyon ng simbahan, yamang ang pilosopiya ng Kaliwanagan na batayan ng modernisasyon ay nasagap ng mga ilustrado sa pilosopiyang Europeo. Walang gaanong pakialam ang bayan sa nasyonalisasyon ng simbahan, at lalong wala silang pakialam (o nalalaman man) ukol sa modernisasyon na gustong isagawa dito ng mga Kilusang Propagandista-Reporma. Mas nakapaloob sa interes ng bayan ang indihenisasyon ng Kristiyanismo na isinagawa ng Samahang Mesyaniko tulad ng Cofradia de San Jose, dahil kinapapalooban ito ng pag-aangkin ng Kristiyanismo at pagpapasok nito mismo sa kalinangang bayan. ✷

[41] Zeus A. Salazar, "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan," *Daluyan*, Espesyal na Isyu 1 (2015), 55-78.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

## MGA SANGGUNIAN


Anderson, Benedict. *Imagined Communities: Reflections on the Origin and Spread of Nationalism*. Mandaluyong: Anvil Publishing Inc., 2003.

Barnett, S.J. *The Enlightenment and Religion: The Myths of Modernity*. Manchester, U.K.: Manchester University Press, 2003.

Bevans, Stephen B. *Models of Contextual Theology*, Revised and Expanded Edition. Manila: Logos Publications, Inc., 2003.

Collier, David, Jody Laporte, Jason Seawright. "Typologies: Forming Concepts and Creating Categorical Variables." Nasa *The Oxford Handbook of Political Methodology*, mga pat., Janet M. Box-Steffensmeier, Henry E. Brady, at David Collier, 152-173. Oxford: Oxford University Press, 2008.

Congdon, David W. *The Mission of Demythologizing: Rudolf Bultmann's Dialectical Theology*. Minneapolis: Fortress Press, 2015.

De los Reyes, Isabelo. "The Iglesia Filipina Independiente." *Historical Magazine of the Protestant Episcopal Church* Vol. 17, No. 2 (1948): 132-137.

Del Pilar, Marcelo H. *Frailocracy in the Philippines*. Salin ni Leonor Agrava. Manila: National Historical Institute, 1996.

De Mesa, Jose M. *Why Theology is Never Far from Home*. Manila: De La Salle University Press, Inc., 2003.

Durant, Will. *The Story of Civilization, Volume VI: The Reformation, A History of European Civilization from Wyclif to Calvin: 1300-1564*. New York: Simon and Schuster, 1957.

Elizalde, Maria Dolores. "The Philippines at the Cortez de Cadiz." *Philippine Studies* Vol. 61, No. 3 (2013): 331-361.

Escoto, Salvador P. "The Ecclesiastical Controversy of 1767-1776: A Catalyst of Philippine Nationalism." *Journal of Asian History* Vol. 10. No. 2 (197): 97-133.

Guerrero, Leon Ma. *The First Filipino: A Biography of Jose Rizal*. Manila: National Historical Commission, 1974.

Iheanacho, V.U. "Care of Souls and the Logic of Trent as a Pastoral Council." *Acta Theologica* Vol. 39, No. 1 (2019): 94-109.

Ikehata, Setsuho. "Popular Catholicism in the Nineteenth-Century Philippines: The Case of the Cofradia de San Jose." Nasa *Reading Southeast Asia*, Translation Series, Translation of Contemporary Japanese Scholarship on Southeast Asia, 109-188. Ithaca, New York: Southeast Asia Program, Cornell University, 1990.

Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979.

Joaquin, Nick. *A Question of Heroes: Essays in Criticism on Ten Key Figures of Philippine History*. Makati: Ayala Museum, 1977.


© 2026 Mark Joseph P. Santos

Jung, Carl G. *Psychological Types.* London: Routledge, 2017.
Kim, Young Sung. "'All Christians Are Priests': Martin Luther's Doctrine of the Priesthood of All Believers." *Word & Deed: A Journal of Salvation Army Theology & Ministry* Vol. 20, No. 2 (May 2018): 9-26.
Macawili, Roland. "Tungo sa Isang Pilosopiya ng Ginhawa." *Talas* Vol. 7 (2023): 88-112.
Nacpil, Emerito P. "Mission and the Search for a New Man." Nasa *The Living God*, pat., Dow Kirkpatrick, 132-156. Nashville: Abingdon, 1971.
Navarro, Atoy M. "Ang Kahalagahan ng Araling Kabanwahan sa Konteksto ng Globalisasyon at Pandaigdigang Paglakas ng Malayong Kanan." Nasa *Araling Pang-Erya at Araling Kabanwahan*, mga pat., Mary Dorothy dL. Jose, Atoy Navarro, at Jerome Ong, 119-142. Manila: Department of Social Sciences, University of the Philippines Manila, 2021.
Niehbuhr, H. Richard. *Christ and Culture.* New York: HarperCollins Publishers, Inc., 2001.
Roudometof, Victor. "Forms of Religious Glocalization: Orthodox Christianity in the Longue Durée." *Religions* Vol. 5 (2014): 1017-1036.
Salazar, Zeus A. "A Legacy of the Propaganda: The Tripartite View of Philippine History." Nasa *The Ethnic Dimension: Papers on Philippine Culture, History and Psychology*, pat., Zeus A. Salazar. Cologne: Counseling Center for Filipinos, 1983.
Salazar, Zeus A. "Ang Pantayong Pananaw bilang Diskursong Pangkabihasnan." *Daluyan*, Espesyal na Isyu 1 (2015): 55-78.
Salazar, Zeus, Atoy Navarro, Sharon Maminta, at Lars Ubaldo. *Asya: Kasaysayan at Kabihasnan.* Quezon City: Abiva Publishing House, Inc., 2010.
Santiago, Luciano P.R. "The Filipino Clergy and the Secularization Decree of 1813." *Philippine Studies* Vol. 36 (1988): 54–67.
Santos, Mark Joseph. "Ang Kontekstong Kabanwahan ng Paglalakbay ni Jose Rizal sa Saigon (1887 at 1891): Pagpopook sa Ugnayang Pilipino-Vietnamese." Nasa *Jose Rizal sa Timog Silangang Asya: Mga Salaysay ukol sa Singapura, Saigon at Sandakan*, mga pat., Atoy M. Navarro at Emmanuel Jeric A. Albela, 56-78. Manila: PUP Center for Philippine Studies & UP Manila Area Studies Program, 2025.
Schumacher, John N. "The Rise of Nationalism." Nasa Milagros C. Guerrero at John N. Schumacher, *Kasaysayan: The Story of the Filipino People, Volume 5, Reform and Revolution.* Philippines: Asia Publishing Company Limited, 1998.
Scruton, Roger. *A Short History of Modern Philosophy from Descartes to Wittgenstein*, Second Edition. USA: Routledge, 2002.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108

Toynbee, Arnold. *An Historian's Approach to Religion.* London: Oxford University Press, 1956.

© 2026 Mark Joseph P. Santos

ISSN 2651-7108